# Q&A

**Q1 Anong uri ng lugar ang mga tinatawag na *hokenjo* at *hoken sentaa*?**

**A1** Pampublikong institusyon ang mga ito kung saan maaari kayong makahingi ng payo na may kinalaman sa pagpapanatili ng kalusugan ng isip at katawan at sa mga karamdaman sa isip at emosyon.

**Q2 Sinu-sino ang mga taong kinatawan sa mga public health center atbp na bumibisita sa ospital?**

**A2** Mga propesyonal ang mga ito sa larangan tulad ng pampublikong kalusugan at pangmedikal at ng welfare, tulad ng mga public health nurse at mga mental health at welfare worker.

**Q3 May bayad ba ito?**

**A3** Walang bayad ang konsultasyon (panayam, pagbisita, atbp). Gayunpaman, kapag gumagamit ng mga serbisyong welfare para sa mga may kapansanan (tulad ng suporta para sa pang-araw-araw na pamumuhay at sa trabaho), maaaring kakailanganing magbayad ng sariling gastos. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa detalye tungkol dito.

Oktubre 2025
Tokyo Metropolitan Government Bureau of Social Welfare,
Departamento ng Pagsusulong ng Patakaran para sa May Kapansanan,
Dibisyon ng Kalusugan ng Isip at Pangangalagang Medikal

# —Para sa mga pasyenteng isinailalim sa di-boluntaryong pagpapaospital—

## Impormasyon tungkol sa suporta pagkatapos ma-discharge mula sa ospital



東京都福祉局

## Kapag iniisip ang buhay pagkatapos ma-discharge mula sa ospital, mayroon ka mga pag-aalala o pagkabahala tulad ng sumusunod?

Ano ang gagawin ko kung bigla akong magkasakit?
Nag-aalala akong mamuhay nang mag-isa pagkatapos ma-discharge...
Wala akong makausap na maari kong mahingan ng payo...
Nag-aalala ako tungkol sa pera...
Ano ang puwede kong gawin para pampalipas ng araw?

Sa mga public health center sa Tokyo (tulad ng mga *hokenjo*, *hoken sentaa* ng munisipyo, atbp), aming aalamin ang inyong mga kahilingan at mga pag-aalala mula sa panahon ng inyong pananatili sa ospital. Sasamahan namin kayo upang pag-isipan kung paano manatili sa mabuting kalagayan at paano mamuhay na may kapayapaan ng isip pagkatapos kayong ma-discharge.





# Proseso ng Konsultasyon

**Pagpasok sa ospital**

Ipapakilala ng taong in-charge sa ospital ang public health center na tatayo bilang institusyong pangsuporta

↓

Bibisita sa ospital ang isang kinatawan mula sa public health center at iba pang nauugnay na organisasyon at tatanungin ang pasyente tungkol sa mga nais gawin at sa mga pag-aalala nito tungkol sa buhay na hinaharap

↓

Makikipag-usap ang staff ng ospital at ang kinatawan mula sa public health center at sasamahan ang pasyente na isipin kung paano ang magiging pamumuhay nito ayon sa kahilingan pagkatapos ma-discharge mula sa ospital

↓

**Pag-discharge mula sa ospital**

Kahit pagkatapos ma-discharge mula sa ospital, handang magbigay ng payo ang kinatawan mula sa public health center at kung kailangan, makikipag-ugnayan sila sa pang-medikal na institusyon (tulad ng doktor ng pasyente o social worker) upang mabigyan ng suporta ang pasyente sa pamumuhay sa komunidad at sa patuloy na pangangalagang medikal.